# Isang Plano para sa Pangangalaga at Pagkakataon




## Karagdagang Child Care, Karagdagang Choice

Para sa mga pamilyang may mga maliliit na anak, lubos na mahalaga ang makakuha ng child care. Kapag mas maraming mga magulang ang may access sa abot-kayang child care, maaari silang magdesisyon na bumalik sa trabaho. Sa Budget na ito, maglalaan ang probinsiya ng Ontario ng karagdagang investment na nagkakahalaga ng mahigit sa $2.2 bilyon sa darating na tatlong taon upang pahusayin ang access sa child care at gawin itong mas abot-kaya para sa mas maraming mga pamilya.



### Before- and After-School Care

Magbibigay ng mas mahusay na access sa before- and after-school care programs sa mga pamilyang may mga anak na hanggang 12 taong-gulang sa pamamagitan ng pag-utos sa mga school board na maglaan ng mga programa sa karamihan ng mga elementaryang paaralan.



### Libreng Preschool Child Care

Ang preschool child care ay gagawing libre para sa mga batang dalawa't-kalahating taong-gulang hanggang sila'y makakapasok na sa kindergarten upang gawing mas abot-kaya para sa mga pamilya ang mahusay na child care, at ito'y maidaragdag sa naiipon ng pamilya mula sa full-day kindergarten.



### Karagdagang Spaces para sa Child Care

Tutulungan ang mahigit sa 100,000 bata na maka-access sa mahusay na lisensyadong child care, at mag-aalok ng karagdagang pinansiyal na suporta para sa mga pamilya sa pamamagitan ng subsidies para sa humigit-kumulang sa 60 porsiyento ng lahat ng bagong spaces.

## Libreng Preschool

Sa Ontario,

- simula Setyembre 2020, makatitipid ang mga pamilya ng $17,000 bawat bata sa karaniwan dahil walang anumang babayaran para sa preschool child care para sa mga batang dalawa't-kalahating taong-gulang hanggang sila'y makakapasok na sa kindergarten.

- mag-iinvest ng $534 milyon sa darating na anim na taon upang maglagay ng 10,000 preschool child care spaces sa mga paaralan at 4,000 community-based spaces upang masigurado na may angkop na bilang ng spaces.
- mag-iinvest ng $1.6 bilyon sa loob ng limang-taong panahon bilang capital funding upang lumikha ng 45,000 bagong lisensyadong child care spaces sa buong probinsiya.

## Dinaragdagan ang Access at Pinapahusay ang Sistema ng Child Care

Sa Ontario,

- maglalaan ng karagdagang $2.2 bilyon sa darating na tatlong taon upang pahusayin ang access sa child care at gawin itong mas abot-kaya para sa mas maraming mga pamilya sa Ontario.
- maglalaan para sa mahigit sa 1,800 mga bata at sa kanilang mga pamilya sa First Nation communities ng mas mahusay na child care at mga programa para sa bata at pamilya na naaakma sa kultura.
- maglalaan ng $40 milyon sa First Nation communities sa loob ng tatlong-taong panahon bilang karagdagang pagpopondo para sa mga bago at kasalukuyang child care program sa reserve.
- sinusuportahan ang child care professionals sa pamamagitan ng pagtaas sa kanilang mga suweldo at pag-invest sa hiring, pagpapanatili sa kanila sa trabaho, at professional development.
- gagawa ng wage grid upang masigurado na ang mahusay na child care ay patuloy na maibibigay ng masigasig at mahuhusay na edukador.